



ANO ANG PANLIPUNANG PAGTANGGI (CIVIL RESISTANCE)?

CIVIL RESISTANCE: A FIRST LOOK

INTERNATIONAL CENTER ON NONVIOLENT CONFLICT

2011

TRANSLATION: XAVIER ALVARAN, JANUARY 2017



TRANSLATOR'S NOTES

Ano ang panlipunang pagtangga (civil resistance)?

(isinalin ni Xavier Alvaran)

Ang **panlipunang pagtangga (civil resistance)** ay isang paraan upang maipaglaban ng mga karaniwang mamamayan ang kanilang mga karapatan, kalayaan at katarungan nang hindi gumagamit ng dahas. Gumagamit ang mga mamamayang bahagi ng panlipunang pagtangga ng iba't ibang taktika tulad ng mga welga, pagboykot, kilos-protesta, at iba pang pagkilos, upang magdulot ng malawakang pagbabagong panlipunan, pampolitika, o pang-ekonomiya. Kilala ang panlipunang pagtangga sa iba't ibang bahagi ng mundo sa maraming pangalan – di-marahas na pakikihamok, tuwirang aksyon, lakas ng bayan, politikal na pagsalansanig, panlipunang mobilisasyon – ngunit anumang termino ang gamitin, nananatiling ganap o litaw sa lahat ang mga mahahalagang dinamika ng panlipunang pagtangga.

Makapangyarihan ang mga kilusan ng panlipunang pagtangga sapagkat kaya nitong himukin ang partisipasyon ng mga mamamayan sa mga pagkilos upang labanan ang pang-aapi sa pamamagitan ng paghahandog ng alternatibong pananaw ng higit na malaya at patas na lipunan. May posibilidad rin na mabaligtad nito ang katapatan ng mga tagapagtanggol ng bulok na sistema. Kapag hindi na nakikipagtulungan ang sambayanan sa mga pinunong mapang-api, nagiging mas mahirap para sa mga pinunong ito na paganahin ang sistema. Kapag sumasapat na ang bilang ng mga mamamayang sumusuway sa mga pinunong ito, maaaring humina ang sistema hanggang sa tuluyan itong magbago o bumagsak. Kahit pa lubos na armado o may pinagkukunang-pondo ang mga katunggali ng mga kilusan ng panlipunang pagtangga, kadalasa'y hindi nila napapantayan ang pangmatagalan at malawakang pagsuway ng sambayananang dulot ng mga estratehiko at kalat na pagkilos ng di-marahas na pagsalungat sa sistema.

Sa gayong kadahilanan, maraming mga kilusan at kampanya ng panlipunang pagtangga ang naging matagumpay laban sa iba't ibang katunggali. Sa bawat dekada ng nakaraang milenyo at sa anim na mga kontinente ng mundo, ang mga kilusang popular na gumagamit ng mga di-marahas na estratehiya ang nagpabagsak sa mga mapang-aping rehimen, ang sumalungat sa pananakop ng mga militar, at ang nagbigay ng higit na katarungan at kalayaan sa kani-kanilang mga lipunan. Bilang mga halimbawa, naging instrumental ang panlipunang pagtangga sa pagsupil sa *apartheid* sa Timog Aprika; ginamit ito upang isulong ang mga karapatan ng kababaihan, mga karapatang sibil, at mga karapatan sa paggawa sa Estados Unidos; napabagsak nito ang mga diktador sa Filipinas, Chile, Indonesia, Serbia, at iba pang mga lugar; ginamit ito upang pigilin ang pananakop ng mga dayuhan sa Denmark at East Timor; naging instrumento ito ng pagkamit ng kalayaan ng bansang India mula sa Britanya; sinalungat nito ang mga madadayang halalan sa Silangang Europa, sinugpo ang pananakop ng Syria sa Lebanon, at ginamit sa maraming teritoryo sa buong mundo upang maitatag ang mga karapatang pantao, hustisya, at demokratikong panunungkulan.

Mga Pangunahing Konsepto

Panlipunang Pagtangga vs. Etika sa Di-Paggamit ng Dahas

Isang uri ng pakikibakang pampolitika ang panlipunang pagtangga samantalang isang hanay naman ng mga prinsipyo ang **etika sa di-paggamit ng dahas** na nagbabawal sa mga tagasunod nitong makisangkot sa karahasan o anumang uri nito. Ang mga kasapi ng ilang matatagumpay

na kilusan ng panlipunang pagtangga, tulad na lamang ng mga kilusang lumaban para sa kasarinlan ng India at ang mga kilusan para sa karapatang sibil ng Estados Unidos, ay maaaring pinapahayag ang at tumatalima sa etika sa di-paggamit ng dahas. Ngunit hindi tuwirang masasabing likas para sa mga tagapagsulong ng panlipunang pagtangga ang tumalima sa etikang nabanggit para lamang sa natatanging layuning masunod ito. Sa katotohanan, kung susuriin ang kasaysayan, ang karamihan sa mga tagapagsulong ng panlipunang pagtangga ay hindi nagsimulang kumilos dahil lamang sa etikang ito. Kumilos sila sa pagpasya na ang panlipunang pagtangga ang natatangi at pinakamabisang paraan upang maisulong nila ang kanilang pakikibaka.

Monolitik vs. Pangsakatauhang Pagtanaw sa Kapangyarihan

Sa maraming lipunan, ang naghaharing pagtanaw sa kapangyarihan ay **monolitik** (fig. 1), kung saan umaasa ang mga karaniwang mamamayan sa kabutihang-loob, pagpapasya, at suporta ng kanilang gobyerno at iba pang mga institusyon. Nakikita ang kapangyarihan bilang instrumento lamang ng iilang nasa mataas na posisyon ng pamamahala, silang may lubos na kayamanan at kakayahang gumamit ng dahas. Ayon sa pananaw na ito, may kakayahan ang **monolito** ng kapangyarihan na palaganapin ang sarili sa pagdaan ng panahon nang hindi natitibag o nababago ng anumang kalabang puwersa.

Sa kabilang banda, nakaangkla naman ang panlipunang pagtangga sa pangsakatauhang (pluralistic) pagtanaw sa kapangyarihan (fig. 2), kung saan tinitingnan nila ang mga gobyerno at iba pang may-hawak sa kapangyarihan bilang dumedepende lamang sa pagtalima ng sambayanan. Sa pananaw na ito, nakikita ang kapangyarihan bilang pagpapatunay ng partisipasyon ng maraming sektor ng lipunan. Ang kapangyarihang ito ay dinamiko; nakadepende ang kalakasan nito sa pagpapanumbalik ng pinanggagaling suporta at pakikipagtulungan ng maraming institusyon at mga tao. Dahil dito, binubuo ng mga kilusan ng panlipunang pagtangga ang kanilang mga estratehiya ayon sa pananaw na ang mga taong nagtatayo ng malawak na koalisyon ng mga karaniwang mamamayan upang labanan ang estado ay may kakayahang salungatin ang huli.

Mga Kilos ng Pakikilahok at Mga Kilos ng Pagtalikda

Kung magbabalik-tanaw sa kasaysayan, daan-daang taktika ang ginagamit ng mga kilusan ng panlipunang pagtangga. Maaaring ilita ang mga ito ayon sa dalawang magkaibang kategorya. Ang mga **kilos ng pagtalikda** ang mga taktika kung saan iniwasan o tuluyang itinitigil ng mga tao ang pagsunod sa o paggawa ng mga bagay na kinakailagan nilang maisakatuparan sa lipunan. Halimbawa ng mga kilos na ito ay ang pagwelga ng mga manggagawa, pagtangga sa pagbabayad ng buwis, at pagboykot ng mga mamimili. Mga **kilos ng pakikilahok** namang maituturing ang mga taktika kung saan sinisimulang gawin ng mga tao ang mga bagay na hindi nila kadalasang ginagawa o mga bagay na wala silang pahintulot na gawin. Kabilang sa mga kilos na ito ay ang mga kilos-protesta, mga malawakang demonstrasyon, *sit-ins*, at iba pang uri ng panlipunang pagsuway. Ang estatehikong pagkakasunod-sunod ng mga pagkilos na ito ang nagpapabawas sa kakayahan ng mga katunggali upang panatilihin ang sistema. Maaari rin mahimok ng mga pagkilos na ito ang sambayanan na makilahok sa pakikibaka, dahil sa iba-ibang saklaw ng mga taktikang ito, tulad ng pagkakaroon ng mataas o mababang panganib,

pagiging pampubliko o pribado, bukod-bukod o desentralisado, higit na lumalaki rin ang saklaw ng mga sektor ng lipunan na maaaring makilahok sa pakikibaka.

Pagkakaisa, Pagpaplano, at Disiplina sa Di-Paggamit ng Dahas

Ang matagumpay na panlipunang pagtanggap ay may tatlong pangunahing prinsipyo: pagkakaisa, pagpaplano, at disiplina. Nabubuo ang **pagkakaisa** sa pamamagitan ng pagpapakilos ng iba't ibang pangkat ng lipunan, na sa simula ay may kani-kanilang hinaing, sa palibot ng hanay ng maaabot na mga layunin. Ang **pagpaplano** ay estratehikong pagkakasunod-sunod ng mga kampanya at taktika ayon sa mabusising pagkilatis ng mga kondisyon at pagkakataon para sa pagkilos. Kabilang din sa pagpaplano ang pagtukoy sa mga posibleng peligro at kung paano haharapin ang mga ito. Naisasakatuparan naman ang **disiplina sa di-paggamit ng dahas** kung sumusunod ang lahat ng mga kasapi ng kilusan sa prinsipyong ito at kung ang lahat ng pagkilos ay sisiguraduhing walang bahid ng dahas, sa kadahilanang ang karahasan ay nagpapababa sa pakikilahok ng mga mamamayan, sinisira ang pagiging lehitimo ng kilusan, nagpapabawas sa suportang internasyonal, at natitibag ang pagkakataong makumbinsi ang mga katunggali na talikdan ang kanilang sariling panig.

Sampung (10) Katanungan ukol sa Panlipunang Pagtanggap

1. Paano nagagapi ng mga karaniwang mamamayan ang mga makapangyarihang pinuno gamit ang panlipunang pagtanggap?

Walang pinunong likas na makapangyarihan. Nagiging makapangyarihan lamang ang mga pinuno kung taglay nila ang suporta ng libo-libo o milyon-milyong mamamayan sa kanilang lipunan. Upang manatili ang kontrol sa pinuno, dapat na maging epektibo sa paggamit ng kapangyarihan ang pulisya, sandatahang lakas, puwersa ng hukuman, at burukrasya sa ilalim ng kaniyang panunungkulan.

Ang mga mamamayan ay naghahanap-buhay, nagbabayad ng buwis at upa, at namimili sa merkado na sumusuporta sa mga negosyong pag-aari o lisensiyado ng estado. Ang mga nagtatrabaho sa sektor ng komersyo at transportasyon, pati na sa sektor ng komunikasyon at mga pangunahing pangangailangan, ay kinakailangang patuloy na magpakilos at magbigay ng serbisyo. Halimbawa lamang ang mga ito ng mga sektor na kritikal sa pagpapagana sa sistema ng rehimen.

Sa pag-unawa ng sitwasyong ito, binubuo ng mga tagapagsulong ng panlipunang pagtanggap ang kanilang mga estratehiya ayon sa kung ano ang maaaring sumira sa mga suportang ito upang mahirapang manatili ang sistema. Ang pagpapakilos sa masa upang magpahayag ng pagtanggap ay maaaring yumurak sa pagiging lehitimo ng abusadong pinuno, lalong-lalo na kung tahasang hinahadlangan nito ang sambayan na isakatuparan ang kanilang mga karapatan. Upang tuluyang masira ang kontrol ng estado, kinakailangan ng mga kilusan na sagarin ang sistema hanggang sa tuluyang mapagdudahan ang kakayahan nitong magtagal pati ng mga tagapagtanggol nito.

Kapag mismong katapatan na nila ang nasa mitsa ng pagkalaho, higit na mahihirapan ang estado na magpatupad ng anumang uri ng pang-aapi.

2. Paano nagsisimula ang panlipunang pagtangga?

Nagsisimula ang maraming matagumpay na panlipunang pagtangga sa pamamagitan, unang-una nang paglinang sa kapasidad ng mga karaniwang mamamayan na magsagawa ng pagkilos. Maaaring maging higit na mahalaga sa pag-oorganisa at pagkakaisa ng mga mamamayan ang mga taktika sa lokal na nibel na mababa ang posibleng peligro. Halimbawa, bago ilunsad ni Gandhi ang kaniyang malawakang kampanya sa India, gumugol muna siya ng ilang buwan at taon sa pagbisita at pagkikipag-usap sa mga karaniwang mamamayan upang higit niyang maunawaan ang kanilang mga hinaing, hinahangad, at takot. Dahil dito, naunawaan niya rin kung ano ang kinakailangan upang makuha ang kanilang katapatan at kooperasyon. Hinimok niya rin ang sambayanan na makilahok sa mga “*constructive work*” – uri ng paglilingkod sa pamamayanang naglalayong buoing muli ang kumpiyansa ng mga tao sa kanilang sariling kapasidad sa kabila ng pagmamalupit ng estado.

Sa oras na magkaroon ng sapat na kakayahan at kahandaan ang mga kampanyang ito na maging bahagi ng higit na tuwirang mga pagkilos ng panlipunang pagtangga, nagsisimulang tumugon ang mga ito sa mga isyung lokal na nararanasan din sa mas malaking lipunan. Halimbawa, nagsimula ang mga tagapagsulong ng kilusang *Solidarity* sa Poland sa pagwewelga ng mga manggagawa ng isang pagawaan ng mga barko. Nang magtagumpay ang kilusang ito sa isang isyu at makapagtatag ng isang malayang unyon, malaking epekto ang naidulot nito sa kamalayang sikolohikal ng mga mamamayan ng Poland at higit na tumibay at lumawak ang kilusan. Katulad nito, lalong lumakas ang kilusan para sa karapatang sibil ng Estados Unidos matapos masupil ng ilang matatagumpay na *sit-ins* at boykot ang diskriminasyong panlahi sa mga tindahan at bus sa ilang mga lungsod sa timog na bahagi ng bansa. Dahil sa mga tagumpay na ito, naipakita ng kilusan ang puwersa ng panlipunang pagtangga, at mabilis itong nakapukaw ng atensiyon at nakahimok ng mga bagong kasapi sa pambansang nibel.

3. Paano ako mag-oorganisa ng mga protesta?

Dapat na matukoy ng mga punong-abala sa isang kilusan kung ano ang kanilang mga layunin, kalakasan, kahinaan, at kakayahan. Dapat din nilang makilala kung sino ang kanilang mga katunggali, at kung anong tulong ang maaaring ibigay ng ibang tao o grupo sa labas ng kilusan para sa kanilang pinaglalaman. Kung malinaw na naitakda ng kilusan ang kanilang mga panandalian, pangkalagitnaang-termino, at pangmatagalang layunin, at maayos na nakapagsagawa ng detalyado at systematikong pagsusuri ng sitwasyon ayon sa mga katunayan, higit na nasa mabuting posisyon ito upang pumili ng mga taktikang nais na gamitin. Sa puntong iyon, kung piliin ng kilusan ang kilos-protesta bilang pangunahing taktika at naisin nitong malaman kung paano ito magiging matagumpay, marami itong mapagkukunang-yaman na pupunan ang mga pangangaliang tekniko at pantaktika sa pagsasagawa ng naturang kilos-protesta.

4. Kung hindi kilos-protesta, ano pa ang maaaring isagawa?

Maraming nag-aakala na ang mga kilos-protesta lamang ang natatanging gawain ng mga kilusan ng panlipunang pagtangga. Ngunit isa lamang ang mga kilos-protesta sa marami pang mga uri ng taktika na maaari nilang piliin sa kanilang pakikibaka, mula sa higit na dalawandaang di-marahas na taktika. Halimbawa lamang ang sari-saring klase ng pagboykot (konsyumer, pampolitika, at panlipunan), mga welga, sadyang pagpapabaya sa trabaho (*work slowdowns*), pagtangga sa pagbabayad ng upa, buwis, at iba pang bayarin, mga petisyon, panlipunang

pagsuway, *sit-ins*, pagbangkulong (*blockade*), at pagbuo ng mga institusyong kahanay (*parallel institutions*) ng ibang mga taktika ng panlipunang pagtangga na maaaring isagawa.

Naaayon ang pagpili ng mga taktika at ang pagkakasunod-sunod ng mga ito sa pagsusuri ng kilusan sa sitwasyon, at sa kung ano ang kanilang mga kakayahan at layunin. Kung hindi pa ganoon kalakas ang isang kilusan, maaari itong gumamit ng mga taktikang kalat at may mababang peligro, tulad ng pagboykot o ang pagpapakita ng mga walang mukhang simbolo sa publiko, upang maipagpatuloy kaalinsabay nito ang pagpapalakas sa kakayahan ng kilusan, ang pagbabatid ng mensahe, o ang pagbubuwag sa katunggali. Sa mga susunod na bahagi, kapag ang kilusan ay nagiging higit na malakas, maaari na nitong pagkaisahin at pagsama-samahin ang mga taktikang maaaring gamitin tulad ng mga malawakang pagkilos, martsa, kilos-protesta, at malawakang panlipunang pagsuway.

Dapat tandaan, hindi nangangahulugang katangi-tangi at pinakamabisa ang kilos-protesta dahil lamang ito ang pinakapopular na gawain ng mga taong bahagi ng panlipunang pagtangga. Batay sa hinihingi ng sitwasyon, marami pang ibang taktika ang maaaring maging higit na mabisa na hindi rin mangangailangan ng maraming salapi. Napakahalaga ng pagkamalikhain at estratehikong pagkilatis sa pagpapasya kung aling mga taktika ang naaayong gamitin.

5. Paano kung walang karismatikong pinuno ang isang kilusan?

Maraming kilusan sa kasaysayan ang nakapagsulong ng matatagumpay na panlipunang pagtangga sa gitna ng kawalan ng popular o karismatikong pinuno. Nagkamit ng malalaking tagumpay ang kontra-*apartheid* na pagkilos sa Timog Aprika kahit pa nakakulong ang pinuno nito at walang direktang kontrol ang huli sa galaw ng kilusan. Higit na mahalaga ang kaalaman ng isang lider sa pagkatawan at pakikinig sa iba't ibang mga kasapi ng kilusan kaysa sa karisma nito o abilidad na makapagsalita sa publiko. Mahalaga na marunong itong kumilatis ng mga peligrong nakapaloob at bentahe ng bawat gagawing kilos, at makibahagi sa pagpapasya ng mga pinuno sa lokal na nibel.

May mga peligro ring kaakibat ang labis na pagdepende sa karismatikong pinuno. Hindi malayo ang posibilidad na maaaring masuhulan ang mga tulad nila ng mga awtoridad sa pangakong bibigyan sila ng posisyon. Maaari rin silang agarang maaresto kung palagiang lantad sa publiko.

Sa isang matatag na kilusan, umuusbong ang mga bagong pinuno sa tuwing naaalangan ang kanilang kasalukuyang pinuno.

6. Paano kung, sa palagay ko, hindi magtagumpay ang panlipunang pagtangga sa aking bansa?

Hindi laging nagtatagumpay ang panlipunang pagtangga. Ngunit naging matagumpay ito sa maraming bansa sa mundo sa kabila ng mga palagay ng mga eksperto at iba pa na hindi man lamang ito makauusad. Marami ang nag-isip na hindi mapababagsak ng panlipunang pagtangga ang isa sa mga tinuturing na pinakamalulupit na diktador sa mundo, si Hen. Augusto Pinochet ng Chile, ngunit taliwas ang nangyari. At iilan lamang din ang nag-isip na mapatatsik ng di-marahas na puwersa ang diktador ng Serbia na si Slobodan Milosevic, na kung tawagin pa'y "*Butcher of the Balkans*". Ngunit noong utusan ng Milosevic ang kaniyang mga tropang sundalo

at kapulisan na pigilan ang daan-daang libong nagprotesta at nanawagan ng kaniyang pag-alis sa posisyon, hindi siya sinunod ng kaniyang armadong puwersa sa harap ng malawakang mobilisasyon. Wala na siyang nagawa kundi lisanin ang kaniyang puwesto.

Kung hindi ka pa rin kampante kung magiging tamang tugon ba ang panlipunang pagtangga sa iyong sitwasyon, maaari mong isaalang-alang rin ang mga posibleng alternatibo, kung sila lamang ay praktikal at makatotohanan: ang reporma sa sistemang politikal mula sa loob; pakikibahagi sa halalan; paghahain ng mga petisyon sa sistemang ligal; pakikisangkot sa mga negosasyon at pakikipagdiyalogo sa mga katunggali; paghiling ng suporta mula sa mga puwersang internasyonal; at ang pagtangka na magsulong ng armadong pakikibaka ay ilan sa mga sinubukang gawin sa iba't ibang bahagi ng mundo. Bagaman hindi tiyak ang tagumpay sa panlipunang pagtangga, maituturing ding hindi tiyak ang katagumpayan ng iba pang pagkilos.

Ang pasya ng oposisyon o ng hindi sumasang-ayong panig sa pagpili ng gagawing pagkilos ay nakabatay sa kung anong mga pagkilos ang may higit na malaking pagkakataong makahikayat ng maraming tagasunod, hamunin ang lehitimong katayuan ng abusadong awtoridad, maiwasan ang pagpigil ng katunggali, at mapagwatak-watak ang mga tagapagtanggol ng bulok na sistema. May mga pangkat ng oposisyon sa kasaysayan na isinaalang-alang ang mga alternatibong ito at pinili pa rin ang panlipunang pagtangga, ngunit may mga pagkakataong ginamit ito kasabay ng mga tradisyunal na paraan ng pagdudulot ng pagbabago sa politika, katulad ng mga halalan, ligal na aksyon, negosasyon, at reporma sa sistemang politikal mula sa loob.

7. Paano kung gumamit ng dahas ang mga katunggali?

Dapat asahan na maaaring gumamit ang mga katunggali ng dahas sa lahat ng oras. Kung babalikan ang kasaysayan, ito ang madalas na nagaganap. Ngunit hindi nangangahulugang nabigo ang isang kilusan ng panlipunang pagtangga kung gumamit ng dahas ang mga katunggali. Tumutugon ang mga kilusan sa karahasan ng katunggali sa iba't ibang paraang maaaring magpahina sa bisa nito o magbigay ng peligro pabalik sa katunggali.

Una, upang maiwasan o mapahina ang karahasan, maaaring magsimulang gumamit ang mga kilusan ng mga taktikang mahirap pigilin ng anumang uri ng dahas. Bilang halimbawa, ang pagboycot ng mga mamimili, kung saan hindi tinatangkilik ng mga tao ang ilang piling produkto, ay mahirap masugpo dahil desentralisado ang pagkilos na ito. Mahirap o imposible para sa rehimeng matukoy kung sino ang mga nakikilahok sa boycott o sino ang mga hindi. Kung pinipigilan ang mga kilos-protesta at iba pang pampublikong pagkilos, maaaring piliin ng kilusan ang ibang pagkilos tulad ng di-politikal na pagtangga at mga di-pisikal na taktika sa anyo ng hindi pagbabayad ng mga bayarin o buwis, o welga.

Ikalawa, maaaring gumamit ang mga kilusan ng mga makabagong taktika upang salungatin ang epekto ng ginagawang pagpigil ng katunggali pabalik sa kanila. Ang paglantad sa mundo ng karahasan ng kabilang panig, at pagsasapubliko ng pang-aapi nito kasama ang mga larawan at testimonya sa loob ng bansang pinangyarihan bilang mga ebidensiya ay higit na malaking kawalan para sa estado – sa anyo ng pandaigdigang reputasyon at pamumuhunan – kaysa sa kilusan. Hindi lahat ng epekto ng pagpigil ng katunggali ay babalik sa kanila, ngunit kung sisirain, aantalan, o ilalantad ng kilusan ang mga kasuklam-suklam na gawain ng rehimen, maaaring malakihang pagkawala ng suportang pampubliko at internasyonal ang kahinatnan sa hanay ng katunggali.

Ikatlo, may mga kaso ng panlipunang pagtangga, tulad ng sa Filipinas noong 1986, Chile noong 1988, Serbia noong 2000, at Ukraine noong 2014, kung saan lumipat sa oposisyon ang mga armadong puwersa ng rehimen, na tuluyang nagpababa o pumuksa sa kakayahan nitong pigilan ang mga pagkilos. Dulot ang mga pagbalimbing na ito nang tahasan at pangmatagalang gawain ng mga kilusang binuo upang himukin ang armadong puwersa na talikuran ang kanilang katapatan sa abusadong rehimen.

8. Paano kung hindi makumbinsi ang mga katunggali sa pinaglalaman?

Hindi makatutulong para sa kilusan na paglaanan pa ng panahon upang kumbinsihin ang mga radikal na tagasuporta ng mga responsible sa pang-aapi. Ngunit, makatutulong ang pagkumbinsi sa ilang mga tagasuporta ng sistema na maaari pang magbago ang pananaw.

Tandaan, makapangyarihan ang panlipunang pagtangga sapagkat binabago nito ang mga paniniwala at asal ng mga libo-libong mamamayang tuwiran o di-tuwirang sumusuporta sa pananatili ng mapang-aping sistema. Kung napahina naman ang mga pinagkukunang-lakas ng katunggali, hindi na mahalaga kung sila ay makumbinsi o hindi sa pinaglalaman. Ang kapangyarihan ng katunggali ay napababa na sa puntong wala na sa kaniya ang kontrol sa kalalabasan ng tunggalian, kaya mapipilitan siyang sumali na lamang sa negosasyon ng pagsasalin ng kapangyarihan patungo sa bagong sistema.

Magandang halimbawa ang ginawang pagboykot ng mga kasapi ng kilusang kontra-*apartheid* sa mga negosyong pinatatakbo ng mga puti sa lungsod ng Port Elizabeth sa Timog Aprika noong 1985. Dahil sa malaking pagkaluging dinulot ng pagboykot na ito sa kanilang negosyo, napilitan ang mga may-ari na himukin ang gobyerno na palitan ang kanilang mga polisiya kahit pa pabor ito sa kilusan. Kahit hindi tuwirang sang-ayon ang mga negosyanteng ito sa mga layunin ng kilusan, naging higit na makabuluhan sa kanila ang tanggapin ang kagustuhan ng kilusan sa halip na suportahan ang diskriminasyon ng gobyerno.

9. Siguradong magtatagal ang labang ito. Paano kung hindi makapaghintay ang kilusan?

Hindi sa lahat ng pagkakataon ay matagal bago makapaghatid ng pagbabago ang panlipunang pagtangga. Kahit na umabot sa humigit-kumulang isang dekada bago nagkaroon ng lehitimong lakas ang organisadong oposisyon sa Filipinas noong panahon ng diktadurya, kinailangan lamang ng kilusang ito ng ilang taon bago tuluyang mapabagsak ang diktador na si Ferdinand Marcos. Hindi haba ng panahon ang basehan ng tagumpay ng panlipunang pagtangga, kundi ang kakayahan nitong mabuo ang pagkakaisa ng kilusan at mahusay na makabuo ng mga estratehiya para sa pagkilos.

10. Paano kaming magwawagi?

Higit na malaki ang pagkakataong magwagi ang kilusan o ang kampanya kung maisasakatuparan nito ang malawakang pagkakaisa, maingat na pagpapalano, at disiplina sa di-paggamit ng dahas.

Kritikal ang pagkakaisa dahil higit nitong pinalalakas ang mga kilusan bilang tunay na kinatawan ng kagustuhan at katapatan ng nakararami. Mahalagang tandaan na ang pagsapi sa

isang pagkilos ay boluntaryo. Lumalahok ang mga mamamayan dahil naniniwala sila sa pinaglalaman ng kilusan. Subalit kung walang pagkakaisa sa loob ng kilusan at kung pinagdududahan o hindi malinaw ang pinaglalaman nito, marami ang pipiliing hindi na lamang makibahagi sa mga pagkilos. Sa pangkalahatan, ang mga matatagumpay na kilusan ng panlipunang pagtanggì ay nakapagbubuklod ng iba't ibang yunit o pangkat sa lipunan: mga kalalakihan at kababaihan, mga kabataan, mga nakatatanda, mga mamamayan mula sa iba't ibang relihiyon, paniniwala o pangkat-etniko, mga mag-aaral, mga manggagawa, mga intelektuwal, mga negosyante, at iba pa.

Isang matinding tunggalian sa pagitan ng kilusan at ng kinakalaban nito ang panlipunang pagtanggì, kaya naman maituturing na napakahalaga ang maingat na pagpapalano bago magsagawa ng anumang pagkilos ang hanay ng kilusan. Sa gayong uri ng labanan, kinakailangan ang ibayong pagbuo ng organisasyon at mga estratehiya upang maging mabisa ang mga pagkilos. Nagpapasya ang mga pinuno ng panlipunang pagtanggì ayon sa maraming estratehiya at taktika, kabilang na ang pagdedesiyon kung paano bubuoin ang yaman at pantustos sa mga gawain, paano magagamit ang mga yamang ito sa pinakamabuting paraan, paano mapagsasamantalahan ang kahinaan ng katunggali, at paano dedepensahan ang kanilang hanay laban sa pag-atake ng kalaban. Bihirang nagiging mabuti ang mga desisyong ito kung gagawin nang biglaan. Upang maging mabusisi ang pagpapalano, dalawang uri ng kaalaman ang kailangan. Una, kinakailangang arál ang mga namumuno sa pagpili ng mga estratehiya sa mga aspektong pampolitika, pang-ekonomiya, at panlipunan ng isyung kanilang hinaharap. Dapat din nilang unawain ang mga interes at ninanais ng iba't ibang sektor sa lipunan. Ikalawa, kinakailangan ng mga punong-abalang malaman kung paano naisasakatuparan ang panlipunang pagtanggì, na siya namang natututunan mula sa personal na karanasan, sa mga batayan tulad ng mga aklat, pelikula, at internet, at sa pakikipagdaupang-palad sa mga ibang may karanasan na sa panlipunang pagtanggì at pag-oorganisa.

Kritikal naman ang disiplina sa di-paggamit ng dahas sapagkat ang anumang uri ng karahasan mula sa kilusan ay maaaring maging tanda ng kahinaan nito na kadalasa'y nagiging sanhi rin ng bayolenteng pagganti ng katunggali. Higit pa rito, kung ang kilusan ay nakikilahok sa karahasan, maaaring tumiwalag dito ang mga kasaping hindi nagnanais na madawit sa anumang peligro. Ikahuli, kung gagamit ang kilusan ng dahas laban sa pulisya at militar, magiging imposible na rin silang pagwatakin, at ang anumang suportang maaaring manggaling sa kanilang hanay para sa kilusan ay maaari ring maglaho.

Taliwas ang kultura ng karahasan sa dinamikang maisasakatuparan ng kilusan, kung saan ang kanilang pinaglalaman – ang higit na malaya at mainam na lipunang makabubuti para sa lahat – at ang kanilang mga pagkilos, na siyang humihimok sa katapangan ng mga karaniwang mamamayan, ay kaaya-aya para sa kapwa tagapagtanggol ng kasalukuyang sistema at sa mga nais sugpuin ito.

Mga Sipi

“It was in fact mass organization which brought about the change in South Africa... which put pressure on the state... ultimately to change... to [bring] about the stalemate, the impasse where the state can no longer respond.” –Dr. Janet Cherry

(“Sa katotohanan ay organisadong masa ang nagdala ng pagbabago sa Timog Aprika... na siyang sumagad sa estado... na tuluyang magbago... upang [makapagdulot] ng stalemate, ang puntong hindi na kaya ng estadong lumaban pa.” –Dr. Janet Cherry)

“The main thing in the struggle is to get attention. To struggle in a corner where nobody pays attention to you is a wasteless (sic) effort, a useless effort. You’ve got – if you struggle – to attract as much attention as you can to your cause.” –Mkhuseli Jack

(“Ang pangunahing punto ng pakikibaka ay ang pag-ani ng atensiyon. Ang pakikibaka sa isang tabi kung saan walang sinumang nakikinig sa pinaglalaman ay isang mapag-aksayang kilos, isang inutil na gawain. Sa pakikibaka, kinakailangan mong makuha ang higit na maraming atensiyon hanggang sa makakaya mo para sa iyong pinaglalaman.” –Mkhuseli Jack)

“The difficulty with nonviolent efforts is that they don’t recognize the necessity of fierce discipline and training, and strategizing and planning and recruiting and doing the kinds of things you do to have a movement. That can’t happen spontaneously. It has to be done systematically.” –Rev. James Lawson

(“Ang mahirap na aspekto ng di-marahas ng pagkilos ay ang kadalasang paglimot na kinakailangan ng kilusan ang matinding disiplina at pagsasanay, at maingat ng pagbuo ng estratehiya at pagpapalano at ang paghimok sa mga maaaring maging kaanib at iba pang mga gawaing may kaugnayan sa kilusan. Hindi dapat gawin ang mga ito nang biglaan. Dapat gawin ang mga ito nang may maayos na sistema.” –Rev. James Lawson)

“That’s why this repression was counter-productive. Because it was like the third Newton law of action and reaction. When you raise the level of repression, the resistance goes up as well.” –Ivan Marovic

(“Kaya ang pagpigil na ito ay hindi magiging produktibo. Dahil katulad lamang ito ng sinasaad ng ikatlong batas ni Newton sa kilos ukol sa aksyon at reaksiyon. Kapag lalong tinataas ang nibel ng pagpigil, tumataas din ang puwersang sumasalungat.” –Ivan Marovic)